| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | DepEdClub.com | Grade Level: | VI |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | ESP |
| | Teaching Dates and Time: | MARCH 6 – 10, 2023 (WEEK 4) | Quarter: | 3RD QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| ***I.LAYUNIN*** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag unawa sa kahalagahan ng pagmamahal sa bansa at pandaigdigang pagkakaisa tungo sa isang maunlad, mapayapa, at mapagkalingang pamayanan. | | | | |
| **B.Pamantayan sa Pagganap** | Naipakikita ang mga gawaing tumutugon sa pagmamahal sa bansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok na may dedikasyon at integridad. | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto**<br>**Isulat ang code ng bawat kasanayan** | 4. Nabibigyang halaga ang mga batayang kalayaan na may kaukulang pananagutan at limitasyon.<br>4.5 Pambansang Pagkakaisa ( National Unity )<br>**Code: EsP6PPP-IIIa-c-34** | | | | |
| **II.NILALAMAN** | **Pagkakaisa Para sa Bansa** | | | | |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A.Sanggunian** | | | | | |
| **1.Mga pahina sa Gabay ng Guro** | EsP - K to 12 CG p. 83, | EsP - K to 12 CG p. 83, | EsP - K to 12 CG p. 83, | EsP - K to 12 CG p. 83, | EsP - K to 12 CG p. 83, |
| **2.Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral** | | | | | |
| **3.Mga pahina sa Teksbuk** | Mga Tula,Pinoy Edition | Mga Tula,Pinoy Edition | Mga Tula,Pinoy Edition | Mga Tula,Pinoy Edition | Mga Tula,Pinoy Edition |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource** | Powerpoint presention, mga larawan, gunting, pandikit, metacards, manila paper, permanent marker at masking tape | | | | |
| **B.Iba pang Kagamitang Panturo** | | | | | |
| **IV.PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A.Balik-Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng aralin** | 1. Pagbati ng guro ng magandang buhay sa mag-aaral.<br>2. Pagtitsek kung sinong liban sa klase.<br>3. Batay sa ating naging aralin, paano mo maisasaalang-alang bilang mag aaral ang karapatan ng iba? | a. Pagbati sa mag-aaral.<br>b. Balik-aral. Itanong :<br>1. Tungkol saan ang ating talakayan kahapon?<br>2. Anong pagpagpapahalaga ang iyong natutuhan tungkol sa aralin? | Balik-aral sa nakaraang talakayan. | Itanong: Anu-anong programa ang idinadaos ng ating paaralan para maipakitang tayo ay nakikilahok sa pandaigdigang pagkakaisa? | Muling itanong ang nasa Isabuhay at tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi. |
| **B. Paghahabi sa layunin ng aralin** | 1. Ipabasa ang panimula ng aralin.<br>2. Talakayin ang Mahalagang Kaisipan | | | | |
| **C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | **Alamin Natin**<br>Ipabasa sa mga magaaral ang tula:<br>**<u>Pagkakaisa</u>**<br><br>Maraming sinulid na mumunti<br>Mahihina kapag nag iisa,<br>Ngunit matapos mahabi<br>Naging pinaka mahusay na bandila.<br>Marami ring mga tao<br>Na ibat iba ang kalagayan, | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Pag nabigkis ng pag ibig at layunin na totoo<br>Nagiging bayang makapangyarihan. | | | | |
| **D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Itanong:<br>a. Ano ang pamagat ng tula?<br>b. Bakit ito pinamagatang Pagkakaisa?<br>c.,Bakit sinabing mahina kapag nag iisa?<br>d. Ano ang masasabi mo sa ikalawang saknong?<br>e. Sa palagay mo bakit sinabing makapangyarihan ang bayang nabigkis ng pag ibig at layunin na totoo?<br>f. Ano ang nais ipakahulugan ng tula?<br>g. Bakit mahalaga sa tao na may pag ibig sa kapwa?<br>h. Magkaroon ng talakayan sa mga sagot ng mga mag-aaral.<br>( Hayaan ang mga mag aaral na makapag bigay ng kanilang sariling opinion batay sa knilang sariling karanasan. ) | | | | |
| **E. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more | **Isagawa Natin**<br><br>Ipakita ang mga larawan. Ano ang iyong masasabi sa bawat larawan nagpapakita ba ito ng pagkakaisa? Ipaliwanag.<br><br><br> | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | <br>d. Talakayin ang sagot ng mga mag-aaral.<br>e. Pangkatin ang mag-aaral sa apat at ipakita ang kanilang gagawin.<br>Unang Pangkat – Pakikiisa, Itula Mo<br>Ikalawang Pangkat – Makiisa at Umawit<br>Ikatlong Pangkat – Guhit ng Pagkakaisa<br>f. Magbigay ng rubrics<br>g. Bigyan sila ng sampung minuto para sa preparasyon at karagdagang dalawang minuto sa presentasyon.<br>h. Magkaroon ng maikling paglalahat sa nakaraang gawain.<br>Ano ang inyong masasabi sa ipinamalas ng bawat pangkat. | | | |
| **F. Paglinang sa Kabihasaan (Tungo sa Formative Assesment 3)** | | | Isapuso Natin<br><br>Gawain 1<br>Itanong. Ano ang gagawin mo upang maipakita ang pakikiisa sa inyong paaralan?<br><br>Gawain 2<br>Gumupit ng hugis kamay. Isulat sa bawat daliri ang iyong pangako kung | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | paano ka makikiisa sa iyong kapwa.Idikit ito sa iyong kuwaderno.<br>d. Iproseso ang ginawa ng mga bata.<br>e. Ipabasa sa mga mag-aaral ang Tandaan Natin.<br>Tandaan Natin<br>Ang pagkakaisa ng mga mamamayan sa isang bansa ay mahalaga tungo sa kaunlaran. Magkakaiba man ang kanilang salita, estado sa buhay at pananaw ito ay nagsisilbing bigkis. Mahalagang pagyamanin ito sa pamamagitan ng pakikilahok. Bilang batang marunong makiisa, ito ay maaaring umpisahan sa ating sariling paaralan kung saan naipakikita natin ang pakikiisa sa pamamagitan ng pagsali sa mga Gawain.<br><br>e. Matapos maipabasa ay tumawag na mag-aaral na kung saan ay magbibigay siya ng kanya idelohiya batay sa tandaan natin. | | |
| **G. Paglalapat ng aralin sa pang araw-araw na buhay** | | | | **Isabuhay Natin**<br><br>Pangkatin ang klase sa tatlo.<br><br>a. Magkaroon ng Maikling duladulaan ukol sa pakikiisa sa mga proyekto ng pamahalaan para sa pandaigdigang pagkakaisa.<br>b. Ibigay ang rubrics para sa gawain. (Para sa guro)<br>Tandaan na ang rubrics ay magmumula sa pagsang-ayon ng mga mag-aaral at guro sa pagbibigay ng marka sa gawain.<br>Maaari rin naman ito ay galing sa guro ngunit dapat ay may konsultasyon sa mag-aaral upang lalong mapaganda ang rubrics.<br>c. Iproseso ang ginawa ng mga bata. Bigyang diin ang pagpapahalagang tinatalakay. | |
| **H. Paglalahat ng Aralin** | | | | Ano ang kahalagahan ng pagkakaisa para sa bansa? | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. Pagtataya ng Aralin** | | | | | **<u>Subukin Natin</u>**<br><br>Panuto:<br>Isulat ang Tama kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pakikiisa at Mali kung hindi.<br>______1. Pinaunlakan ni Annie ang paanyaya ng pinuno ng SPG upang sumali sa "Fun Run para sa kalikasan".<br>______2. Napagkasunduan ng mag kaibigang Ben at John na umuwi na lamang at huwag ng makilahok sa programa dahil ito ay ukol sa droga at wala naman silang maitutulong dito.<br>_____3. Pinunit ni Nathaan ang poster tungkol sa Earthquake Drill na isasagawa pa lamang sa kanilang barangay.<br>_____ 4. Tumulong sa pagkalap ng mga donasyon ang mga batang nasa ikaanim na baiting upang matulungan ang mga biktima ng nakaraang bagyo.<br>_____5. Ang mga tao sa aming barangay ay sabay sabay nag patay ng ilaw bilang pakikiisa sa Earth Hour. |
| **J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation** | | | | | Sumulat ng mga hugot lines tungkol sa pambansang pagkakaisa. |
| **V.MGA TALA** | | | | | |
| **VI. PAGNINILAY** | | | | | |
| A.Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya | | | | | |
| B. Blgng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation | | | | | |
| C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin? | | | | | |

| | |
|---|---|
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpatuloy sa remediation? | |
| E. Alin sa mga istrateheya ng Patuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyonan sa tulong ng aking punongguro at superbisor? | |
| G.Anong kagamitang panturo ang aking na dibuho na naiskong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | |